Mayo　14, 2025

Mga Magulang

Lupon ng Edukasyon Lungsod ng Kani

# Elementarya at Junior High School sa Kani　Pag gamit ng mga tablet para sa mga mag-aaral

可児市小中学校　学習者用タブレット端末の活用について

Nag-update ang Lungsod ng Kani Educational Committee sa mga tablet device na ginagamit ng mga mag-aaral ngayong taong 2025 upang mapaunlad ang potensyal ng bawat mag-aaral at maitaguyod ang "Egao no moto". Ang mga sumusunod ay paliwanag tungkol sa bagong learning tablet na gagamitin ng mga mag-aaral,mga benepisyo nito sa pag-aaral at pakikipagkooperasyon na hinihiling sa mga magulang.

１. Tungkol sa Tablet（Tignan ang larawan sa kanan）
Model: iPad 10th Generation LTE Model
Accessories: Keyboard,Touchpen,Charger,Cable ng charger



2. Inaasahang resulta sa pag-aaral

（１）Pagpapahusay ng sariling pag-aaral
Sa pamamagitan ng paggamit ng mga AI at iba pa,inaasahan na ang pagkatuto ng bawat estudyante ay angkop sa antas ng pag-unawa at progreso sa klase man o sa pag-aaral sa bahay.

（２）Pagtulong sa pag-aaral
Sa pamamagitan ng paggamit ng software na sumusuporta sa mga aralin, nagiging madali ang pag-access sa mga materyales para sa pag-aaral, ang pagpapalitan ng opinyon at pagbabahagi ng impormasyon sa mga kaklase at ang pakikipagtulungan sa mga gawain ay inaasahang makakapagpadali ng pag-aaral.

（３）Koneksyon ng network gamit ang LTE model
Dahil sa LTE na modelo ng tablet, nakakakonekta ito sa internet kahit sa mga lugar na walang Wi-Fi. Nagbibigay ito ng kapaligiran kung saan maaaring mag-aral anumang oras at saan man, na inaasahang makakapagpahusay sa mga resulta ng pag-aaral.
※Kapag gagamitin ang tablet sa bahay,kung maaari ay ikonekta ito sa Wi-Fi ng tahanan.

３. Tungkol sa mga personal na impormasyon
Sa pagpapaunlad ng edukasyon gamit ang mga tablet na kagamitan (paggamit ng data sa edukasyon), kukunin at gagamitin ang mga personal na impormasyon ng bawat mag-aaral (mga data sa edukasyon).Ang mga sumusunod na nasa ibaba ay mga eksplanasyon base sa batas ng proteksyon para sa mga personal na impormasyon.Pakisulatan lamang ang papel ng pagsang-ayon.
(Ang papel ng pagsang-ayon ay nakahiwalay na may pamagat na "Form ng Pagsusuri at Pahintulot para sa Pahiram ng Tablet sa mga Mag-aaral ng Kani")

（１）Pangangasiwaang personal na impormasyon
・Impormasyon ng mga mag-aaral: Pangalan, Kasarian, Pangalan ng Paaralan, Taon ng Pag-aaral, Klase, Numero ng Presensya, ID at Password
・Impormasyon sa Pag-aaral: Record ng paggamit ng digital na mga materyales, data ng mga sagot, mga nilikhang produkto, mga komento at pagsusuri mula sa mga guro at iba pa.
・Katayuan ng paggamit ng tablet: Record ng paggamit ng mga aplikasyon at iba pa (kung may mga record na malalaman ang impormasyon ng pagkakakilanlan ng isang partikular na indibidwal)

（２）Layunin
・Upang malaman ang sitwasyon ng pag-aaral ng bawat estudyante at makapagbigay ng mas angkop na gabay sa pag-aaral.
・Upang makapagbigay ng mga materyales at gawain batay sa progreso sa pag-aaral
・Upang mapabuti ang kalidad ng pagtuturo sa pamamagitan ng pagtutulungan ng mga guro .
・Para sa pagsusuri at pagpapabuti ng mga patakaran sa edukasyon sa mga komite at paaralan
・Para sa pagpapabuti ng mga ginagamit na software para sa pag-aaral (sa paraan na hindi matutukoy ang indibidwal)

（３）Paraan
Kadalasang kinukuha ang mga data na ipinasok at ginawa ng mismong mga estudyante gamit ang tablet, pati na rin ang mga rekord ng paggamit ng mga educational software. Kapag kumukuha ng personal na impormasyon sa pamamagitan ng papel sa mismong indibidwal,kinakailangang ipaliwanag muna ang layunin.

（4）Probisyon ng ikatlong partido

Ang data ng edukasyon ay hindi ibinibigay sa mga tao o organisasyon mula sa labas maliban sa mga sumusunod na kaso. Gayunpaman, maaari itong magbago kung kinakailangan.

・Kung hihingin malaman ang impormasyon ayon sa batas.
・Kung kinakailangan para matiyak ang seguridad ng mag-aaral.
・Kung ibibigay bilang mga istatistika na pinroseso upang hindi malaman ang personal na impormasyon

4．Tungkol sa pinsala, pagkasira, pagkawala, at pagnanakaw.

Para sa hindi sinasadya na pagkasira, pagkawala, pagnanakaw at iba pa, ang lungsod ang sasagot sa mga gastos alinsunod sa mga patakaran ng pagpapahiram. Kung mayroong natuklasang pagkasira o pagkapinsala, mangyaring agad ipagbigay-alam sa paaralan.Sa kaso ng pagnanakaw, mangyaring maghain ng ulat ng pagnanakaw sa pulis at kumuha ng numero ng pagtanggap.Kung napansing nawawala, agad na ipagbigay-alam sa paaralan ang mga detalye tulad ng oras, lugar, at sitwasyon ng pagkawala. Gayundin, mangyaring isumite ang ulat ng pagnanakaw, pagkasira, o pagkawala ng mga hiniram na kagamitan (Form 2) sa paaralan.

5．Iba pa

Kung mayroong mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa bawat paaralan o sa Komite ng Edukasyon ng Lungsod ng Kani.

〈 Mkipag-ugnayan〉

| Paaralan | Kani City Education Institute | |
|---|---|---|
| SONAN JHS<br>６２－１０１０ | TEL | ６３－４８４１ |
| | E-mail | kyoikukenkyu@city.kani.lg.jp |

第２号様式（第８条関係）

Taon　　Buwan　　Petsa

# Aplikasyon at Pagsang-ayon sa Pagpapahiram ng Tablet

可児市立小中学校学習者用タブレット貸与に係る申請書兼同意書

Para sa Principal ng Sonan JHS

Ako ay mag-aapply upang makahiram ng tablet at accesories (keyboard,touchpen,charger,cable) para sa pag-aaral .

Ako ay sumasang-ayon sa mga patakaran na nakasaad sa ibaba.

## 1　Tungkol sa paggamit ng tablet

(1) Susundin ang tamang paggamit ng tablet na pinahiram ayon sa "Alituntunin sa Paggamit ng Tablet sa Elementarya at Junior High School ng Lungsod ng Kani"(Regulasyon sa Pagpapahiram) at "Mga Gabay sa Paggamit ng ICT Tablet" na pinapatupad ng Kani City Board of Education.

(２)　Hindi ito gagamitan maliban sa pag-aaral.

(３)　Itatago ng mabuti upang huwag itong masira o mawala.

※Kung napansin ang pagkawala, mangyaring agad na ipaalam sa paaralan ang mga detalye tulad ng petsa, lugar, at sitwasyon ng pagkawala.

(４)　Kung ang "mga alituntunin sa pagpapahiram" at "mga patakaran sa paggamit ng ICT at tablet" ay hindi nasunod, ang mga problema at gastusin na nagmula dito ay magiging responsibilidad ng taong nanghiram.

※Kung hindi sinasadya ang pagkasira,pagkawala at pagkanakaw,sasagutin ng lungsod ang gastusin nito.

(５)　Ikonekta sa WIFI(kung may wifi) kapag gagamitin sa tahanan.

## 2　Tungkol sa personal na impormasyon(data ng edukasyon)

Ako ay sumasang-ayon na ang Komite ng Edukasyon ng Lungsod ng Kani at mga paaralan ay kukuha at gagamit ng impormasyon (impormasyon ng mga estudyante, impormasyon sa pag-aaral, at paggamit ng tablet) upang mas maunawaan ang sitwasyon ng pag-aaral ng mga mag-aaral at upang mapabuti ang mga hakbang sa edukasyon at pagtuturo.

| | | |
|---|---|---|
| Aplikante (Magulang) | Furigana | |
| | Pangalan (Sariling sulat) | |
| Gagamit (Estudyante) | Furigana | |
| | Pangalan | |
| | Paaralan | Kani Shi　　　　　　School |
| | School Year | Reiwa　　　(Pagpasok: SY　　Grade　) |

【Mga Estudyante】※I-check ang bawat detalye at lagyan ng ☑ ang mga kahon.

☐ Naintindihan ko ang mga detalye ng "Alituntunin sa Paggamit ng ICT Tablet".

☐ Ang tablet ay gagamitin lamang sa pag-aaral. (Hindi gagamitin sa ibang layunin.)

☐ Iingatan kong mabuti upang hindi mahulog, masira o mawala.

☐ Susundin ko ang mga alituntunin at gagamitin ito ng tama.

Pangalan ng Estudyante（sariling sulat）